Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata

Paalam
Paraon!



Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Janie Forest

Ibinagay ni: Lyn Doerksen

Pamamatnugot ni: Abigail Blest Bantayan

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2012 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Nagalit
ang Paraon!
Inutos sa kanya
ng Diyos sa
pamamagitan
ni Moises na ...

... hayaang umalis
ang mga alilang
Israelita sa
Ehipto ngunit
tumanggi siya.

"Pahirapan mo sila sa gawain," utos ng Paraon sa kanyang mga tagapangasiwa.

Ngayon, ang
mga Israelita
ay nalagay
lalo sa
masama.

“Hindi kayo bibigyan ng dayami at ang gagawin ninyong tisa ay sindami pa rin ng dati



ninyong ginagawa,”

panibagong utos ng Paraon.

Hinampas ng mga amo ang mga alipin dahil wala silang ...

... nahanap
na dayami para
makagawa ng
ganoong karaming
tisa.

Sinisi ng mga tao sina Moises at Aaron sa kanilang sinapit.

Kaya naghanap si Moises ng tahimik na lugar upang manalangin.

"O Panginoon ko, hindi mo naman po iniligtas ang Iyong mga tao,"

iyak niya sa Diyos.

"Ako ang Panginoon. Ilalabas ko kayo," tugon ng Diyos.

Pagkatapos nito, pinapunta ng Diyos sila Moises at Aaron sa

Paraon.



Nang hiniling ng
makapangyarihang
pinuno na
magpakita
sila ng

kababalaghan
mula sa
Diyos, ...

... inihagis ni Aaron ang kanyang tungkod at naging

ahas ito.

"Tawagin ninyo ang mga salamangkero ko!" sigaw ng Paraon.

Nang hinagis ng mga salamangkero ang kanilang mga tungkod, naging ahas din ang mga ito.

Ngunit ang mga ito'y nilulon ng tungkod ni Aaron.

Gayunma'y, nagmatigas pa rin ang Paraon. Ayaw pa ring paalisin ang mga Israelita.

Kinaumagahan, nakipagtagpo sina Moises at Aaron sa Paraon sa tabi ng Ilog.

Nang itapat ni Aaron ang kanyang tungkod, naging dugo ang tubig sa ilog.

Namatay ang mga isda! Hindi mainom ng mga tao ang tubig!

Ngunit nagmatigas pa rin ang Paraon. Ayaw niyang paalisin ang mga Israelita sa Ehipto.

Sinabihan muli ni Moises ang Paraon na paalisin ang mga tao ng Diyos ngunit tumanggi pa rin ito. Nagpadala ang Diyos ng panibagong salot.

Napuno ng palaka ang buong Ehipto. Pinasok ng mga palaka ang bawat bahay, mga silid at mga lutuan.

"Ipanalangin ninyo sa Diyos na alisin ang mga palakang ito," pakiusap ng Paraon. "At papayagan ko na kayong umalis."

Ngunit nang mawala na ang mga palaka, nagbago ng isip si Paraon. Hindi pa rin siya pumayag.

Dahil dito, ang Diyos ay nagpadala ng napakaraming kuto na labis na nagpahirap sa mga tao't mga ...

... hayop ngunit ang Paraon
ay hindi sumuko sa Diyos.

Sumunod, nagpadala ang Diyos ng mga kawan ng langaw.

Nagpadala
din Siya
ng sakit sa
kabakahan ng
taga-Ehipto.

Tinadtad din
ng mga pigsang
nagnanaknak
ang mga tao.

Dumadaing
na ang mga tao
sa Ehipto ngunit
nakipagmatigasan
ang Paraon
sa Diyos.

Pagkatapos ng mga salot na ito, nagpadala naman ang Diyos ng mga kawan ng balang.

Kinain ng mga balang ang lahat ng mga halaman at tanim na tumutubo sa lupang Ehipto.

Nagpadala rin ang
Diyos ng kadiliman sa
buong Ehipto sa loob
ng tatlong araw.
Ngunit hindi pa
rin pumayag
ang Paraon.

“Magpapadala ako ng isa pang salot,” babala ng Diyos. “Pagdating ng hatinggabi, mamamatay ang lahat ng panganay na lalaki pati panganay ng mga hayop ay mamamatay.”



Ang mga panganay na anak ng mga Israelita ay maliligtas kung papahiran nila ng dugo ng tupa ang harap ng pinto ng kanilang bahay.

Nang dumating
ang hatinggabi,
nagkaroon ng
napakalakas
na iyakan sa
buong Ehipto.

Namatay
ang lahat nilang
panganay, maging
tao o hayop.

"Sige, umalis na kayo," nakiusap ang Paraon kay Moises.

"Humayo
na kayo at
maglingkod
sa Diyos."

Nagmadaling umalis ang mga tao sa Ehipto.

Sinabi ng Diyos kay Moises na alalahanin ang nangyari

sa gabing iyon, ang pista ng Paskwa dahil nilampasan ng Anghel ng

Diyos ang bahay ng mga Israelita at pinarusahan ang Paraon at kanyang mga tao.

Pagkatapos
ng apat na
daan at tatlumpung
taon (430 years)
sa Ehipto, nakalaya na
rin ang mga tao ng Diyos.

Pinangunahan sila
ng Diyos sa pamamagitan
ng haliging ulap kung araw at
haliging apoy kung gabi.

Ngunit hindi pa tapos ang Paraon sa mga Israelita.

Nakalimutan na niya ang Diyos at nagbago na naman ang kanyang isip.

Pinaghanda niya ang kanyang mga kawal at hinabol ang mga aliping Israelita.

Hindi nagtagal, naabutan nila ang mga ito sa pagitan ng bundok at dagat.

"Ipagtatanggol kayo ng Diyos," sabi ni Moises. Pumunta si Moises sa tabi ng dagat at itinaas ang kanyang kamay.

Malaking himala ang nangyari. Nahati ang tubig.

Ang mga
Israelita'y
nakatawid
sa dagat
na tuyong
lupa ...

... ang dinaanan sa pagitan ng tubig na parang pader.

Samantala, ang mga kawal naman ng Paraon ay tumakbo nang matulin patungo sa gitna ng dagat.

"Mahuhuli na natin sila ngayon," ang naisip ng mga kawal.

Ngunit isinara ng Diyos ang daan sa dagat at natabunan ng tubig ang mga kawal ng Ehipto.

Ngayon alam na ng Paraon
na ang Diyos ng Israel
ay totoong Diyos.

Paalam Paraon!

isang kuwentong nanggagaling sa Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Exodo 4-15

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16